

Ut in confessióne veræ sempiternæque Deitátis, et in persónis proprietas, et in esséntia únitás, et in maiestáte adorétur æquálitás.

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotidie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 33:9

GUSTATE et vidéte, quóniam suávis est Dóminus: beátus vir, qui sperat in eo.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SIT nobis, Dómine, reparátio mentis et córporis cæléste mystérium: ut, cuius exséquimur cultum, sentiámus effectum. Per Dóminum.

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

LASAPIN ninyo't malasin kung gaano kabuti ang Poong Mahal: pinagpala ang tao na umaasa sa Kaniya.

ANG banal na misteriong ito, Panginoon, ay magdulot nawa ng kagalingan sa aming isipa at katawan, upang madama namin ang aming ginanap sa Iyong dambana. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

IKAWALONG LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

Misa “Suscepimus, Deus”

• II cl. • Semidoble • Luntian

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 47:10-11

SUSCEPIMUS Deus, misericórdiam tuam in médio templi tui: secúndum nomen tuum, Deus, ita et laus tua in fines terræ: justítia plena est dextera tua. — *Ps 47:2* Magnus Dóminus, et laudábilis nimis: in civitáte Dei nostri, in monte sancto ejus. *V.* Gloria Patri. Suscepimus.

PINAGDIDILI-DILI namin, O Diyos, sa iyong Simbahan ang iyong kagandahang loob. Tulad ng iyong pangalan, O Diyos, ang kapurihan mo'y abot sa mga hangganan ng lupa. Ang iyong kanang kamay ay puno ng katarungan. — *Salmo 47:2* Dakila ang Panginoon, karapat-dapat purihin sa lungsod ng ating Diyos, doon sa kaniyang banal na bundok. *V.* Luwalhati sa Ama. — Pinagdidili-dili...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

LARGIRE nobis, quásumus, Dómine, semper spíritum cogitándi quæ recta sunt, propítius et agéndi: ut, qui sine te esse non póssumus, secúndum te vívere valeámus. Per Dominum.

IPAGKALOOB mo nawa lagi sa amin, Panginoon, ang diwa ng mga bagay na matuwid at ang agarang pagsasakatuparan nito, upang sa gayo'y makapamuhay kami ayon sa kalooban, yamang hindi kami iiral kundi sa iyong pagtatangkilik lamang. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

SULAT • Rom 8:12-17

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma.

MGA KAPATID: Wala tayong pananagutang sundin ang mga hilig ng laman upang mamuhay ayon sa katawang makalaman. Sapagkat mamamatay kayo kung namumuhay kayo ayon sa katawang makalaman, ngunit kung pinapatay ninyo sa pamamagitan ng Espiritu ang mga gawa ng katawang makalaman, mabubuhay kayo. Ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos. Sapagkat hindi espiritu ng pagkaalipin ang inyong tinanggap upang kayo'y mamuhay sa takot. Sa halip, ang inyong tinanggap ay ang Espiritu ng pagkupkop upang kayo'y gawing mga anak ng Diyos, kaya tayo'y tumatawag sa kanya ng, “Abba; Ama ko!” Ang Espiritu ang nagpapatotoo, kasama ng ating

espiritu, na tayo'y mga anak ng Diyos. At yamang mga anak, tayo'y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Cristo. Sapagkat kung tayo'y kasama niya sa pagtitiis, tayo'y makakasama niya sa kanyang kaluwalhatian. — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 30:3, 70:1; Ps 47:2

ESTO mihi in Deum
protectórem, et in locum refúgii,
ut salvum me fácias.

V. Deus, in te sperávi: Dómine,
non confúndar in ætérnum.

Allelúia, allelúia. V. Magnus
Dóminus, et laudábilis valde, in
civitáte Dei nostri, in monte
sancto eius. **Alleluia.**

SA AKI'Y maging batong kublihan, O Dios, at
isang takbuhan ko, upang ako'y mailigtas Mo.

V. O Dios, umaasa ako sa iyo: Poon, huwag
nawa akong mapahiya kailanman.

Aleluya, aleluya! V. Dakila ang Poon, at
talagang dapat purihin sa bayan ng ating Dios,
sa banal Niyang bundok. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 16:1-9

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHOONG IYON: Sinabi ni Hesus sa kaniyang mga alagad ang talinhagang ito: “May taong mayaman na may isang katiwala. May nagsumbong sa kanyang nilulustay nito ang kanyang ari-arian. Kaya't ipinatawag niya ang katiwala at tinanong, ‘Ano ba itong naririnig ko tungkol sa iyo? Ibigay mo sa akin ang ulat ng iyong pangangasiwa dahil tatanggalin na kita sa iyong tungkulin.’ Sinabi ng katiwala sa kanyang sarili, ‘Ano ang gagawin ko? Aalisin na ako ng aking amo sa pangangasiwa. Hindi ko kayang magbungkal ng lupa; nahihiya naman akong magpalimos. Alam ko na ang aking gagawin! Maalis man ako sa pangangasiwa ay may tatanggap naman sa akin sa kanilang tahanan.’ Kaya't isa-isa niyang tinawag ang mga may utang sa kanyang amo. Tinanong niya ang una, ‘Magkano ang utang mo sa aking amo?’ Sumagot ito, ‘Isandaang tapayang langis po.’ Kaya sabi ng katiwala, ‘Heto ang kasulatan ng iyong pagkakautang. Dali! Maupo ka't palitan mo, gawin mong limampu.’ At tinanong naman niya ang isa, ‘Ikaw, gaano ang utang mo?’ Sumagot ito, ‘Isandaang kabang trigo po.’ ‘Heto ang kasulatan ng iyong pagkakautang,’ sabi niya. ‘Isulat mo, walumpu.’ Pinuri ng amo ang madayang katiwala dahil sa katusuhang ipinamalas nito. Sapagkat ang mga makasanlibutan ay mas tuso kaysa mga maka-Diyos sa paggamit ng mga bagay ng mundong ito.” Kaya't sinasabi ko sa inyo, gamitin ninyo ang kayamanan ng mundong ito sa paggawa ng mabuti sa inyong mga kapwa upang kung maubos na iyon ay tanggapin naman kayo sa tahananang walang hanggan.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 17:28, 32

POPULUM húmitem salvum
fácies, Dómine, et óculos
superbórum humiliábis:
quóniam quis Deus præter te,
Dómine?

BAYANG mapagkumbaba'y inililigtas ng Poon:
ngunit yaong mga palalo't mataas ang tingin ay
iyong ibinababa: pagka't sino ang Dios maliban
sa Iyo, Poon?

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SUSCIPE, quæsumus, Dómine,
múnera, quæ tibi de tua largitáte
deférimus: ut hæc sacrosáncta
mystéria, grátia tuæ operánte
virtúte, et præsentis vitæ nos
conversatióne sanctíficent, et ad
gáudia sempitérna perdúcant.
Per Dóminum.

TANGGAPIN mo nawa itong mga alay,
Panginoon, na aming inihahanda ngayon
yamang sa iyo rin nama'y nagmula, upang sa
pagkilos ng kapangyarihan ng Iyong grasya, ang
mga kabanal-banalang mysteryong ito'y
makapagpabanal sa aming pamumuhay sa
kasalukuyan at akayin kami patungo sa ligayang
walang hanggan. Alang-alang sa Anak Mo, si
Jesucristo...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est,
æquum et salutáre, nos tibi
semper et ubique grátias ágere:
Dómine sancte, Pater
omnipotens et æterne Deus:

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid,
angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at
sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo,
Amang banal, Diyos na makapangyarihan at
walang-hanggan.

Qui cum unigénito Fílio tuo et
Spíritu Sancto unus es Deus,
unus es Dóminus: non in unius
singularitáte persónæ, sed in
uníus Trinitáte substántiæ.
Quod enim de tua glória,
revelánte te, crédimus, hoc de
Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto
sine différentia discretiónis
sentímus.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu
Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang
Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa
pagka-persona. Sapagka't kung ano ang aming
sinasampalatayanan sa iyong pahayag
patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa
Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi.